# Paunawa

## 01 Karahasan sa Paaralan

- Ang karahasan sa paaralan ay tumutukoy sa anumang aksyong ginawa laban sa mga mag-aaral sa loob o labas ng lugar ng paaralan at humahantong sa pinsalang pisikal o pangkaisipan, o pagkasira ng ari-arian sa pamamagitan ng pambubugbog, pag-atake, pagkulong, pagbabanta, pangingidnap, pagdukot, paninirang-puri, pang-iinsulto, pangingikil, pamimilit, puwersahang utos, karahasang sekswal, paghahari-harian o paghahari-harian sa cyberspace, o gamit ang impormasyong mahalay o marahas sa pamamagitan ng isang kalambatang pang-impormasyon at pangkomunikasyon.

## 02 Mga Pangkagipitang Hakbang

- Ayon sa tuntunin, kapag ipinagbigay-alam o isinumbong ang insidente ng karahasan sa paaralan, lilimiin ang kaso ng isang nagliliming komite upang ayusin ang karahasan sa paaralan at magsasagawa ng mga aksyon sa mga biktima at sumalakay na mag-aaral. Gayunpaman, kung mapagpasyahan ng puno ng nauugnay na paaralan na kinakailangan ng agarang aksyon upang maprotektahan ang biktimang mag-aaral o gabayan ang sumalakay na mag-aaral, maaaring isagawa ang nasabing aksyon nang may katig.

## 03 Eksklusibong Yunit para sa Karahasan sa Paaralan

- Ito ay isang yunit na may eksklusibong responsibilidad para sa mga isyung karahasan sa paaralan at binubuo ng pangalawang punong-guro, propesyonal na tagapayo sa paaralan, guro sa kalusugan, responsableng guro (isang gurong namamahala sa mga isyung karahasan sa paaralan) at mga magulang ng mga mag-aaral.
- Kapag ipinagbigay-alam o isinumbong ang insidente ng karahasan sa paaralan, iniimbestigahan ng eksklusibong yunit para sa karahasan sa paaralan (o mga miyembrong tauhan sa pagtuturo ng yunit) ang kaso upang matukoy ang mga pinsala at akto ng karahasan. Susundan ito ng paglilimi upang determinahin kung mareresolba nang may kasarinlan ang kaso ng puno ng nauugnay na paaralan o nangangailangan ng pagpupulong ng nagliliming komite upang ayusin ang karahasan sa paaralan.

## 04 Pagresolbang may Kasarinlan ng Puno ng Paaralan

- Sa kaso ng magaang karahasan sa paaralan na tumutupad sa lahat ng kondisyon para sa pagresolbang may kasarinlan ng puno ng paaralan, kung saan hindi gusto ng isang biktimang mag-aaral at kanyang tagapag-alaga na magkaroon ng pulong ng nagliliming komite, maaaring resolbahin ng puno ng paaralan nang may kasarinlan ang isyung karahasan sa paaralan.
- Sa kaso ng pagresolbang may kasarinlan ng puno ng paaralan, maaaring magpatupad ng mga programang pang-edukasyon upang maitaguyod ang muling pagtatatag ng ugnayan sa mga mag-aaral na sangkot.

## 05 Nagliliming Komite upang Ayusin ang Karahasan sa Paaralan

- Ito ay isang legal na komiteng itinatag sa loob ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon upang limiin ang mga bagay-bagay na may kinalaman sa pagpigil ng at mga hakbang kontra karahasan sa paaralan, proteksyon ng mga biktimang mag-aaral, patnubay at mga aksyong pangdisiplina sa mga sumalakay na mag-aaral at pamamagitan sa mga alitan sa pagitan ng biktima at mga sumalakay na mag-aaral.
- Lilimiin ng nagliliming komite ang mga kasong karahasan sa paaralan at magpapasya sa mga aksyong isasagawa kaugnay sa biktima at mga sumalakay na mag-aaral.

# CONTENTS

## Mga Nilalaman


## I Mga Uri ng Karahasan sa Paaralan at Pagpigil nito

1. Mga Uri at Halimbawa ng Karahasan sa Paaralan ..... 03
2. Mga Palatandaan ng Karahasan sa Paaralan at Pagpigil nito ..... 05

## II Pag-aayos ng Karahasan sa Paaralan

1. Pagsusumbong ng Karahasan sa Paaralan ..... 07
2. Mga Pangkagipitang Hakbang ..... 08
3. Imbestigasyon ng Kaso ..... 09
4. Paglilimi ng Eksklusibong Yunit para sa Karahasan sa Paaralan ..... 10
5. Pagtitipon-tipon at mga Aksyong Isasagawa ng Nagliliming Komite upang Ayusin ang Karahasan sa Paaralan ..... 11
6. Muling Pagtatatag ng Ugnayan at Pamamagitan sa Alitan ..... 14

### [Mga Dahong Dagdag]

1. Sumbong ng Karahasan sa Paaralan at mga Kaakibat na Organisasyon ..... 15
2. Mga Organisasyon upang Suportahan ang mga Biktima ng Karahasan sa Paaralan ..... 16

# I Mga Uri ng Karahasan sa Paaralan at Pagpigil nito

## 1 Mga Uri at Halimbawa ng Karahasan sa Paaralan

### Ano ang Karahasan sa Paaralan?

Ang karahasan sa paaralan ay tumutukoy sa anumang aksyong ginawa laban sa mga mag-aaral sa loob o labas ng lugar ng paaralan at humahantong sa pinsalang pisikal o pangkaisipan, o pagkasira ng ari-arian.

※ Maaaring iuri bilang karahasan sa paaralan ang kahit na magaang panliligalig o mga aksyong itinuturing na hindi nakakapinsalang katuwaan ng mga mag-aaral.

### Mga Uri at Halimbawa ng Karahasan sa Paaralan

Nakalista sa ibaba ang mga uri at halimbawa ng karahasan sa paaralan. Maaari ring iuri bilang karahasan sa paaralan ang lahat ng iba pang mga aksyong humahantong sa pinsalang pisikal o pangkaisipan, o pagkasira ng ari-arian.

#### Pang-aabusong Pisikal

- Pagdudulot ng sakit sa isang tao sa pamamagitan ng pananakit ng pisikal na katawan ng tao gamit ang kanyang mga kamay at paa (pambubugbog at pag-atake)
- Pagtatago o paglilimita sa isang tao sa loob ng mga tiyak na hangganan ng espasyo (pagkulong)
- Pagdadala ng isang tao sa isang tiyak na lokasyon sa pamamagitan ng puwersa, pag-atake o may kasamang pagbabanta (pangingidnap)
- Pagdadala sa isang tiyak na lokasyon sa pamamagitan ng panlilinlang o paghihikayat (pagdukot)
- Pagkurot, pagsuntok o pagtulak sa isang tao na kunwari ay kalokohan nguni't itinuturing na karahasan ng tao

#### Pasalitang Pang-aabuso

- Pagkakalat ng mga ispesipikong salita o kuwento upang siraan ang tao sa harap ng maraming tao o sa pamamagitan ng Internet at/o social media tungkol sa kanyang pagkatao, kakayahan at pinagmulan, atbp. (paninirang-puri)

  ※ Kahit pa sinasabing totoo ang nilalaman ng salita o kuwento, inuuri pa rin iyon bilang pasalitang pang-aabuso
- Patuloy na pagbibitiw ng mga nakakainsultong salita tungkol sa isang tao sa harap ng maraming tao o pagkakalat ng gayong mga salita sa pamamagitan ng Internet at/o social media upang pagkatuwaan ang kanyang hitsura o hamakin siya (insulto)
- Pananakot sa isang taong magdudulot ng mga pinsala sa kanyang pisikal na katawan gamit ang mga salita, mga aksyon at/o mga mensaheng teksto (pagbabanta)

## Pangingikil

- Paghingi ng pera nang walang intensyong isauli iyon
- Paghiram ng mga tiyak na bagay (hal., damit o mga kagamitan sa pagsusulat) at hindi pagsasauli sa mga iyon
- Sinasadyang pagsira ng isang bagay o pagpuwersa sa isang tao na mangolekta ng pera

## Pamimilit

- Pagpuwersa sa isang taong gawin ang isang bagay nang labag sa kanyang kalooban, tulad ng pagpapabili ng pagkain para sa sumalakay, pagpapagamit sa sumalakay ng kanyang wireless Internet (tinatawag na "bread shuttle" at "WiFi shuttle"), paggawa ng takdang aralin ng sumalakay, pakikilahok sa mga laro para sa sumalakay upang makakuha ng mga puntos o paggawa ng isang utos (puwersahang utos)
- Paggambala sa isang tao sa paggamit ng kanyang mga karapatan o pagpapagawa sa kanya ng isang bagay na hindi naman niya obligasyon sa pamamagitan ng pag-atake o pagbabanta (pamimilit)

## Paghahari-harian

- Sadya o paulit-ulit na pagtatakwil ng isang grupo ng tao sa isang tao
- Pinagmumukhang tanga, panunukso, pagbibitiw ng mga sarkastikong pahayag, paninita, pananakot, panliligalig o panunuya sa isang tao
- Pagbabawal sa isang taong makisalamuha sa ibang tao

## Karahasang Sekswal

- Pagpuwersa sa isang taong makipagtalik at/o gawin ang iba pang mga aktong sekswal sa pamamagitan ng pag-atake o pagbabanta
- Pakikipag-ugnayang sekswal sa isang tao o sekswal na pagpapahiya sa kanya sa pamamagitan ng pag-atake o pagbabanta
- Pagpaparamdam sa isang tao ng kahihiyang sekswal sa pamamagitan ng mga sekswal na pahayag at/o akto

## Karahasan sa Cyberspace

- Pagmumura o paghamak sa isang tao o pagpapaskil ng huwad na impormasyon o mapanirang-puring kuwento tungkol sa kanya sa mga paskilan, mga silid ng pakikipagkuwentuhan, mobile messengers o sa pamamagitan ng e-mail (panliligalig online)
- Pagsira sa reputasyon ng isang tao o pag-insulto sa kanyang pagkatao sa pamamagitan ng pagkakalat ng isang katotohanan o huwad na impormasyon tungkol sa kanya sa cyberspace na may intensyong hamakin siya (paninirang-puri sa cyberspace)
- Pangingikil ng pera o mga mahahalagang bagay o digital currency, tulad ng in-game currency o "WiFi shuttle," mula sa isang tao (pangingikil sa cyberspace)
- Pagdudulot ng pagkabalisa o takot sa isang tao sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagpapadala ng mga hindi ginustong mensaheng teksto, larawan at/o videos sa isang tao (pagbuntot sa cyberspace)
- Pagbabawal sa isang tao na umalis sa isang kuwentuhan online kabilang ang mga kuwentuhang panggrupo sa social media habang pinagkakatuwaan at pinagmumumura siya o pagharang sa pagsali niya sa kuwentuhan (paghahari-harian o pagkulong sa cyberspace)
- Panliligalig sa isang tao sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanya o pagkakalat ng mga mahalay na larawan at/o videos, o mga litrato ng kanyang mga ispesipikong bahagi ng katawan na may kinalaman sa pagiging pribado sa pamamagitan ng isang kalambatang pang-impormasyon at pangkomunikasyon nang walang pahintulot niya (pag-upload ng video)

## 2 Mga Palatandaan ng Karahasan sa Paaralan at Pagpigil nito

### Mga Palatandaan ng Karahasan sa Paaralan[1]

Obserbahang mabuti kung nagpapakita ang iyong anak ng alinman sa mga palatandaan ng karahasan sa paaralan sa ibaba:

※ Kahit nagpapakita ang iyong anak ng alinman sa mga palatandaan, hindi dapat isiping ang iyong anak ay biktima o gumawa ng karahasan sa paaralan. Gagawin ang pagpapasya nang isinasaalang-alang ang maraming salik.

#### Mga Palatandaang Ipinapakita ng Biktimang Mag-aaral

- Nagiging sensitibo kapag sinusubukan mong kausapin siya tungkol sa buhay paaralan at mga kaibigan.
- Mukhang blangko at nagpapakita ng kahirapan sa pagtutok.
- Nagbabanggit ng tungkol sa paglipat ng paaralan o suriang pang-edukasyon.
- Humihingi ng mas malaking baon kaysa dati, o mas mataas ang iyong bayarin sa telepono kaysa dati, o hindi siya mapalagay kapag tinitingnan mo ang kanyang telepono.
- Hindi halos nakikilahok sa mga gawaing panggrupo, tulad ng lakbay-aral o mga gawaing boluntaryo.

#### Mga Palatandaang Ipinapakita ng Sumalakay na Mag-aaral

- Madalas mahuling nananakit ng ibang mga mag-aaral o nanggagaspang ng mga hayop.
- Maiksi ang pasensya, pabigla-bigla at agresibo.
- Hindi mapag-iba ang karahasan at kalokohan at madalas na nahahantad sa isang sitwasyon ng sagupaan.
- Madalas magmura o gumamit ng mga pahayag upang hamakin ang ibang mga mag-aaral.
- Nagbibitaw ng mga pahayag upang hamakin o tuligsain ang ibang tao nang walang pag-aalinlangan sa social media.

### Pagpigil ng Karahasan sa Paaralan

Pigilan ang iyong anak na masangkot sa karahasan sa paaralan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa ibaba:

1. Ipabatid sa iyong anak na ang mga aksyong pinagkakatuwaan, sadyang pagtatakwil o panunukso ng mga kaibigan ay itinuturing na karahasan sa paaralan.
2. Sabihan ang iyong anak na magsumbong sa guro o magulang kapag nakasaksi o nakatuklas ng karahasan sa paaralan.
3. Bigyan ang iyong anak ng impormasyon tungkol sa mga organisasyong malapit na may kinalaman sa karahasan sa paaralan.
4. Aktibong lumahok sa mga programang pang-edukasyon para sa mga magulang upang mapigilan ang karahasan sa paaralan.
5. Bigyang-pansin ang buhay paaralan ng iyong anak sa pamamagitan ng pagkonsulta nang regular sa guro sa homeroom ng iyong anak

1) Pundasyong Punong Bughaw

# II Pag-aayos ng Karahasan sa Paaralan



Kapag may nangyaring karahasan sa paaralan, inaayos ito ayon sa pamamaraan sa ibaba:

| Pamamaraan | Mga Detalye |
|---|---|
| Pagtuklas at Pagsusumbong ng Karahasan sa Paaralan | • Makipag-ugnayan sa isang guro o tumawag sa 117. |
| Pagtanggap ng Sumbong ng Karahasan sa Paaralan | • Ipabatid sa nagsumbong ang tungkol sa pagtanggap sa sumbong. |
| Mga Pangkagipitang Hakbang (ng puno ng paaralan, kung kinakailangan) | • Magsagawa ng mga aksyon upang protektahan ang biktimang mag-aaral.<br>• Magsagawa ng mga aksyon upang gabayan ang sumalakay na mag-aaral. |
| Imbestigasyon ng Kaso (ng eksklusibong yunit para sa karahasan sa paaralan o mga miyembrong tauhan sa pagtuturo) | • Tukuyin ang mga pinsala at akto ng karahasan (sa pamamagitan ng pasulat na imbestigasyon o panayam).<br>• Tukuyin ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral at kanilang mga tagapag-alaga tungkol sa pagresolba ng kaso.<br>※ Maaaring humiling ng tulong ng mga dalubhasa, tulad ng tagapagpaliwanag. |
| Paglilimi ng Eksklusibong Yunit para sa Karahasan sa Paaralan | • Suriin kung natutupad ang mga kondisyon para sa pagresolbang may kasarinlan ng puno ng paaralan. |

**Mga Kondisyong Natupad**

Tingnan kung pinapahintulutan ng biktimang mag-aaral at kanyang tagapag-alaga ang pagresolbang may kasarinlan ng puno ng paaralan.

Nagbigay ng pahintulot → **Pagresolbang may Kasarinlan ng Puno ng Paaralan**

Hindi nagbigay ng pahintulot → **Mga Kondisyong Hindi Natupad**

Magdaos ng isang pulong ng nagliliming komite upang ayusin ang karahasan sa paaralan.

→ **Paglilimi at mga Aksyong Isinagawa ng Nagliliming Komite upang Ayusin ang Karahasan sa Paaralan**

## 1 Pagsusumbong ng Karahasan sa Paaralan

### Sumbong sa Loob ng Paaralan

- **Nang Personal** : Magsusumbong ang isang mag-aaral na nakasaksi o nakaranas ng karahasan sa paaralan o kanyang tagapag-alaga sa guro sa homeroom o isang responsableng guro (na namamahala sa mga isyung karahasan sa paaralan) nang personal.
- **Kahon ng mga Sumbong** : Sagutan ang papel para sa pagsusumbong at ilagay iyon sa isang kahon ng mga sumbong na matatagpuan sa paaralan.
- **E-mail** : Ipadala ang sumbong sa e-mail address ng guro sa homeroom, isang responsableng guro, o paaralan.
- **Website** : Gumawa ng sumbong sa pamamagitan ng pagpaskil ng pribadong paskil sa website ng paaralan.
- **Mobile Phone** : Gumawa ng sumbong sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang mensaheng teksto o isang audio file sa, o pagtawag sa numero ng mobile phone ng guro na miyembro ng eksklusibong yunit para sa karahasan sa paaralan (pangalawang punong-guro, gurong namamahala sa mga isyung karahasan sa paaralan, responsableng guro, guro sa kalusugan o tagapayo sa paaralan) o paaralan.
- **Opisyal ng Yamang Paaralan** : Magsumbong sa isang opisyal ng yamang paaralan sa pamamagitan ng pagtawag o pagpapadala ng isang mensaheng teksto.

### Sumbong sa Labas ng Paaralan

- **Sentro ng Sumbungan ng Karahasan sa Paaralan 117**: Tumawag sa 117 nang walang palahudyatang pangpook at isumbong ang isang karahasan sa paaralan o tumanggap ng pagpapayo para sa pagpigil ng karahasan

  **117 walang palahudyatang pangpook** **#0117**
  **Pangarap na KALIGTASAN (o hanapin ang "117")**
  **Bumisita sa Sentro ng Sumbungan 117 nang personal para sa pagsusumbong at pagpapayo**

  ※ Ang Sentro ng Sumbungan ng Karahasan sa Paaralan ay pinapatakbo ng 24 oras kada araw. Nag-aalok ito ng lahat ng uri ng mga suportang aksyon, tulad ng pagtanggap ng mga sumbong ng karahasan sa paaralan, pagsasagawa ng mga operasyong sagip pangkagipitan, pag-iimbestiga ng mga isinumbong na kaso, paghahandog ng serbisyong pagpapayong legal at paghahandog ng kanlungan para sa mga biktima.

- **Karahasan sa Cyberspace** : Magsumbong sa pamamagitan ng Sentro ng Pangkabataang Pagpapayo (tumawag sa 1338 o magpadala ng mensaheng teksto sa #1338) o sa Kawanihan sa Cyberspace ng Pambansang Ahensiya ng Pulisya ng Korea (www.cyber.go.kr)

  ※ Upang patunayan ang mga pinsalang natamo bilang resulta ng karahasan sa cyberspace, siguraduhing kumuha ng isang screenshot ng isang paskil na nagpapakita ng karahasan sa cyberspace, na kita ang oras at petsa. Kung hindi makuha ang ID ng sumalakay, kumuha ng datos kung saan matutukoy ang sumalakay, tulad ng web address o IP address, at isumite ang mga ito kapag naghahain ng sumbong.

**[Paunawa] Paano ayusin ang karahasan sa paaralan kapag sangkot ang iyong anak**

- Makisimpatiya sa iyong anak at suportahan siya sa pamamagitan ng pag-uusap.
  - Aluin ang iyong anak sa pamamagitan ng pagsasabing, "Naging napakahirap marahil ito para sa 'yo. Salamat at sinabi mo ito sa 'kin. Ano ang gusto mong gawin ko para sa 'yo?"
- Kontrolin mo ang iyong damdamin upang matulungan mo ang iyong anak na maibalik ang kanyang katatagang pangkaisipan at pangunahan ang pag-uusap nang kalmado.
  - Maaaring makaramdam ng pagkabalisa ang mga bata, dahil iniisip nilang maaari silang mapagalitan o hindi kayang resolbahin ng kanilang mga magulang ang sitwasyon. Subukang magsimula ng isang malugod na pakikipag-usap sa iyong anak imbes na pigain o puwersahin ang bata.
- Huwag kailanman ipagpalagay na may kasalanan ang iyong anak na biktima ng karahasan sa sitwasyon
  - Ang pag-akusa sa iyong anak, tulad ng pagsasabing, "Baka naman may ginawa ka ring mali," ay nagdudulot ng pangkaisipang pagsupil sa bata at nagpapababa ng kanyang pagpapahalaga sa sarili.

## 2 Mga Pangkagipitang Hakbang

### Mga Pangkagipitang Hakbang para sa Biktima at mga Sumalakay na Mag-aaral

Sa unang yugto ng paghawak ng karahasan sa paaralan, nagsasagawa ang puno ng paaralan ng mga pangkagipitang hakbang na nasa ibaba kung napagpasyahang kailangang-kailangan ang proteksyon ng biktimang mag-aaral o patnubay ng sumalakay na mag-aaral.

| Mga Pangkagipitang Hakbang para sa Biktimang Mag-aaral | Mga Pangkagipitang Hakbang para sa Sumalakay na Mag-aaral |
|---|---|
| • Pangkaisipang pagpapayo at payo ng mga dalubhasa mula sa loob at labas ng paaralan<br>• Pansamantalang kanlungan<br>• Iba pang mga aksyong kinakailangan para sa proteksyon ng biktimang mag-aaral (pagpapatakbo ng isang natatanging programang proteksyon kung saan maaaring paghiwalayin ang biktima at mga sumalakay na mag-aaral, atbp.) | • Nasusulat na paghingi ng tawad sa biktimang mag-aaral<br>• Pagpigil sa pakikipag-ugnayan o pagbabanta at pagganti sa biktimang mag-aaral at sa mag-aaral na nagsumbong ng kaso<br>• Boluntaryong gawain sa loob ng paaralan<br>• Natatanging pagsasanay o pangkaisipang terapewtika ng mga dalubhasa mula sa loob at labas ng paaralan<br>• Pagsuspinde |

※ Kung tatanggihan o iiwasan ng sumalakay na mag-aaral ang pagsunod sa mga pangkagipitang hakbang, maaaring magsagawa ng mga aksyong pandisiplina ayon sa mga nauugnay na batas o mga alituntunin ng paaralan.

### Pagsuspinde sa Sumalakay na Mag-aaral

Sa mga kaso sa ibaba, maaaring isagawa ng puno ng paaralan ang pagsuspinde sa sumalakay na mag-aaral pagkatapos mapakinggan ang mag-aaral at kanyang tagapag-alaga:

- Kung sinadya o patuloy na gumamit ng karahasan ang dalawa o higit pang mag-aaral;
- Kung nagdulot ang sumalakay na mag-aaral ng pinsalang nangangailangan ng dalawang linggong gamutan sa ospital;
- Kung gumamit ng karahasan ang sumalakay na mag-aaral para sa layuning makaganti sa pagsusumbong, pahayag o pagbibigay ng impormasyon; at
- Kung mapagpasyahan ng puno ng paaralan na kailangang-kailangang protektahan ang biktimang mag-aaral mula sa sumalakay na mag-aaral.

  ※ Kung niresolba ng puno ng paaralan ang kaso nang may kasarinlan pagkatapos ng pagsuspinde sa sumalakay na mag-aaral sa pamamagitan ng mga pangkagipitang hakbang, ang panahon ng pagliban bilang resulta ng mga pangkagipitang hakbang ay maituturing na panahon ng pagdalo.

## 3 Imbestigasyon ng Kaso

- Kapag ipinagbigay-alam o isinumbong ang insidente ng karahasan sa paaralan, iimbestigahan ng eksklusibong yunit ang kaso nang detalyado upang matukoy ang mga pinsala at akto ng karahasan.

- **(Pagkumpirma ng Katotohanan)** Iimbestigahan ang isinumbong na kaso sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, tulad ng pasulat, panayam sa mga mag-aaral na sangkot at mga saksi at inspeksyon ng pinangyarihan ng insidente.
  - **Pahayag ng Pagkumpirma** : Pahayag ng pagkumpirma ng biktima at mga sumalakay na mag-aaral pati na rin mga saksi
  - **Palatanungang Pagsisiyasat** : Isinasagawa na puntirya ang mga mag-aaral at mga kaklaseng may kaugnayan sa biktima at mga sumalakay na mag-aaral
  - **Pangongolekta ng Ebidensiya** : E-mails, mga kuwentuhan, mga paskil sa paskilan, mga paskil sa social media, screenshots ng mga pahina ng Internet, mga mensaheng teksto, mga larawan, videos, audio file, atbp.
  - **Sertipikong Medikal at Tala ng Manggagamot** : Sertipikong medikal o tala ng manggagamot para sa pinsalang pisikal o pangkaisipan

- **(Pagtukoy ng mga Pangangailangan)** Tinutukoy ang mga pangangailangan ng biktimang mag-aaral at kanyang tagapag-alaga tungkol sa pagresolba ng kaso, tulad ng antas ng pagtanggap ng pinsala at sitwasyon, pagtanggap ng paghingi ng tawad, pagpapasya ng kaparusahan, paghingi ng bayad sa gastusing medikal at hiling na pagpigil na maulit ang pangyayari.

  ※ Kung kinakailangan, tinutukoy ang mga pangangailangan sa pamamagitan ng panayam sa tagapag-alaga at maaaring magbigay ng patnubay upang magbigay ng sapat na pag-unawa sa resulta ng imbestigasyon sa biktimang mag-aaral at tagapag-alaga.

- **(Pagpapasya sa Kalalaan ng Karahasan sa Paaralan)** Kapag may nangyaring karahasan sa paaralan, pinagpapasyahan ang kalalaan ng kaso sa pamamagitan ng pagberipika ng mga kaso sa ibaba:
  - Kung ang biktimang mag-aaral ay isang taong may mga kapansanan.
  - Kung ang karahasan sa paaralan ay naglalayong pagbantaan o gantihan ang biktimang mag-aaral o mag-aaral na nagsumbong ng kaso
  - Kalalaan, pagpapatuloy at pagiging intensyonal ng aksyong isinagawa ng sumalakay na mag-aaral
  - Antas ng pagsisisi ng sumalakay na mag-aaral
  - Posibilidad na magabayan ang sumalakay na mag-aaral sa tamang landas sa pamamagitan ng mga aksyong isinagawa
  - Antas ng pagkakasundo sa pagitan ng sumalakay na mag-aaral at kanyang tagapag-alaga at biktimang mag-aaral at kanyang tagapag-alaga

**[Paunawa] Imbestigasyon ng mga kasong sangkot ang mga multikultural na mag-aaral (mga imigranteng mag-aaral at/o mga dayuhang mag-aaral)**


- Para sa imbestigasyon ng kasong puntirya ang isang multikultural na mag-aaral na kulang sa kakayahang makipag-usap sa wikang Koreano, maaaring lumahok ang tagapagpaliwanag o gurong namumuno sa proseso upang masiguro ang pagkakataon ng mag-aaral na ipahayag ang kanyang opinyon.
- Sa kaso ng pasulat na imbestigasyon, maaaring hindi maipahayag nang sapat ng mag-aaral ang mga detalye ng kaso at kanyang posisyon. Kaya, maaaring gamitin ang isinaling papel para sa imbestigasyon o maaaring payagan ang mag-aaral na sagutan ang papel sa kanyang katutubong wika.
- Kung mayroong propesyonal na tagapayong nagtatrabaho ng buong oras para sa mga multikultural na mag-aaral sa Tanggapan ng Edukasyon sa katugong lungsod o lalawigan, maaaring magbigay ng patnubay ang tagapayo sa imigrante at mga dayuhang mag-aaral sa mga panayam.

## 4 Paglilimi ng Eksklusibong Yunit para sa Karahasan sa Paaralan

- Batay sa resulta ng imbestigasyon ng karahasan sa paaralan, sinusuri ng eksklusibong yunit para sa karahasan sa paaralan kung natupad ang mga kondisyon para sa pagresolba ng kaso nang may kasarinlan ng puno ng paaralan at tinitingnan kung may pahintulot ng biktimang mag-aaral at kanyang tagapag-alaga sa pagresolbang may kasarinlan ng puno ng paaralan.

※ Ang eksklusibong yunit para sa karahasan sa paaralan ay isang yunit na may eksklusibong responsibilidad para sa mga isyung karahasan sa paaralan at binubuo ng pangalawang punong-guro, propesyonal na tagapayo sa paaralan, guro sa kalusugan, responsableng guro (isang gurong namamahala sa mga isyung karahasan sa paaralan) at mga magulang ng mga mag-aaral.

**<Paghawak ng Kaso sa Pamamagitan ng Paglilimi ng Eksklusibong Yunit para sa Karahasan sa Paaralan>**




### Pagresolbang may Kasarinlan ng Puno ng Paaralan

- Sa kaso ng magaang karahasan sa paaralan na tumutupad sa lahat na apat na kondisyon sa ibaba para sa pagresolbang may kasarinlan ng puno ng paaralan, kung saan hindi gusto ng isang biktimang mag-aaral at kanyang tagapag-alaga na magkaroon ng pulong ng nagliliming komite, maaaring resolbahin ng puno ng paaralan nang may kasarinlan ang isyung karahasan sa paaralan.
  - Hindi nailabas ang isang sertipikong medikal para sa pinsalang nangangailangan ng gamutang pisikal at/o pangkaisipan sa loob ng hindi bababa sa dalawang linggo.
  - Ang kaso ng karahasan sa paaralan ay hindi humantong sa pagkasira ng ari-arian o kaagad naayos ang pagkasirang sanhi ng kaso (kabilang ang mga gastusing medikal para sa pinsalang pisikal at/o pangkaisipan).
  - Hindi nagpapatuloy ang karahasan sa paaralan.
  - Ang karahasan sa paaralan ay hindi isang aksyon ng pagganti sa pagsusumbong, pahayag o pagbibigay ng datos
- Para sa pagresolbang may kasarinlan ng puno ng paaralan, dapat sikaping maitatag muli ang ugnayan sa pagitan ng biktima at mga sumalakay na mag-aaral, tulad ng pagkakasundo sa pagitan ng mga mag-aaral, paghingi ng tawad ng sumalakay na mag-aaral at pagpapatawad ng biktimang mag-aaral. Dagdag pa rito, maaaring mag-organisa ng mga programang pang-edukasyon kabilang ang pagpapayo, mga gawaing kampanya at mga boluntaryong gawain sa loob at labas ng paaralan para sa sumalakay na mag-aaral, o maaaring magdaos ng mga programang nagtatatag muli ng ugnayan sa pagitan ng biktima at mga sumalakay na mag-aaral.

**[Paunawa] Hiling na magdaos ng pulong ang nagliliming komite sa kasong isinara na sa pamamagitan ng pagresolbang may kasarinlan ng puno ng paaralan**

Ayon sa tuntunin, hindi maaaring hilingin ng biktimang mag-aaral at kanyang tagapag-alaga ang pagdaraos ng pulong ng nagliliming komite para sa kasong isinara na sa pamamagitan ng pagresolbang may kasarinlan ng puno ng paaralan. Gayunpaman, maaaring hilingin ang pulong sa puno ng paaralan sa mga kaso sa ibaba:

- Kung nangako ang sumalakay na mag-aaral at kanyang tagapag-alaga na aayusin ang nasirang ari-arian ng biktimang mag-aaral at kanyang tagapag-alaga bilang resulta ng karahasan sa paaralan, nguni't bigong tuparin ang nasabing pangako
- Kung natukoy ang isang karagdagang katotohanang hindi natuklasan sa imbestigasyon ng kaso ng karahasan sa paaralan

## 5 Pagtitipon-tipon at mga Aksyong Isinasagawa ng Nagliliming Komite upang Ayusin ang Karahasan sa Paaralan

### Ano ang Nagliliming Komite upang Ayusin ang Karahasan sa Paaralan?

- Ito ay isang legal na komiteng itinatag sa loob ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon upang limiin ang mga bagay-bagay na may kinalaman sa pagpigil ng at mga hakbang kontra karahasan sa paaralan, proteksyon ng mga biktimang mag-aaral, patnubay at mga aksyong pandisiplina sa mga sumalakay na mag-aaral at pamamagitan sa mga alitan sa pagitan ng biktima at mga sumalakay na mag-aaral.
- Para sa kasong hindi napapailalim sa pagresolbang may kasarinlan ng puno ng paaralan o kung hindi sumasang-ayon ang biktimang mag-aaral at kanyang tagapag-alaga sa pagresolbang may kasarinlan ng puno ng paaralan, idaraos ang pulong ng nagliliming komite sa pamamagitan ng hiling ng katugong paaralan.

### Paglilimi ng Nagliliming Komite upang Ayusin ang Karahasan sa Paaralan

- **(Mga Bagay-bagay na Sangkot)** Lilimiin ng nagliliming komite upang ayusin ang karahasan sa paaralan ang mga bagay-bagay sa ibaba kaugnay ng karahasan sa paaralan.
  - Pagpigil ng at mga hakbang kontra karahasan sa paaralan
  - Proteksyon ng mga biktimang mag-aaral
  - Patnubay at mga aksyong pandisiplina sa mga sumalakay na mag-aaral
  - Pamamagitan sa mga alitan sa pagitan ng biktima at mga sumalakay na mag-aaral
  - Iba pang mga bagay-bagay na iminungkahi ng puno ng paaralan kaugnay sa pagpigil ng at mga hakbang kontra karahasan sa paaralan

- **(Proseso)** Ayon sa tuntunin, dapat isagawa ang paglilimi nang harapan kung saan dadalo ang biktima at mga sumalakay na mag-aaral at kanilang mga tagapag-alaga sa pulong ng nagliliming komite at magbibigay ng pahayag nang personal.
  - Gayunpaman, kung hiniling ng biktima o sumalakay na mag-aaral o kung kailangang isaalang-alang ang natatanging kalagayan, tulad ng lokasyon ng paaralan sa isang islang pook, maaaring isagawa ang paglilimi sa telepono, sa pamamagitan ng pagtawag nang may video o nang pasulat.
  - Maaaring ituring na pagdalo sa paaralan ang pagliban ng biktima at mga sumalakay na mag-aaral sa paaralan dahil sa pagdalo sa pulong ng nagliliming komite nang may pahintulot mula sa puno ng paaralan; na ang pagliban ay sanhi ng isang hindi maiiwasang dahilan.

- **(Pagpapabatid ng Pasya)** Pagkatapos ng paglilimi, magpapasya ang nagliliming komite sa mga aksyong isasagawa sa biktima o sumalakay na mag-aaral.
  - Ipapabatid ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon ang pasya ng nagliliming komite sa biktima at mga sumalakay na mag-aaral o puno ng paaralan nang sa gayo'y maisagawa ang mga nagliliming aksyon.

## Proteksyon ng mga Biktimang Mag-aaral

Para sa proteksyon ng biktimang mag-aaral, nagpapasya ang nagliliming komite sa isa o higit pang mga aksyong nasa ibaba: Pagkatapos ng pagpapasya, kukunin ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon ang pahintulot ng biktimang mag-aaral at kanyang tagapag-alaga at sisiguruhing ipapatupad ang (mga) aksyon sa loob ng pitong araw.

- **Pangkaisipang Pagpapayo at Payo ng mga Dalubhasa sa Loob at Labas ng Paaralan** : Isang aksyong naghahandog ng pangkaisipang pagpapayo at payo ng isang dalubhasa mula sa loob o labas ng paaralan nang sa gayo'y makabangong muli ang biktimang mag-aaral mula sa pisikal at/o pangkaisipang dagok na dulot ng karahasan sa paaralan
- **Pansamantalang Kanlungan** : Isang aksyong nagsasaayos na manatili ang biktimang mag-aaral sa isang kanlungan, tahanan o silid ng tagapayo sa paaralan para sa kanyang proteksyon kung mayroong panganib na makakaranas ang biktimang mag-aaral ng patuloy na karahasan o ganti ng sumalakay na mag-aaral
- **Paggamot at Pangangalagang Medikal** : Isang aksyong nagsasaayos na makatanggap ang biktimang mag-aaral ng paggamot sa isang suriang medikal para sa pinsalang pisikal o pangkaisipang natamo bilang resulta ng karahasan sa paaralan

  ※Kung tumatanggap ang biktimang mag-aaral ng paggamot sa bahay o sa isang sentro ng pangangalaga, dapat magsumite ang biktimang mag-aaral ng isang sertipikong nagsasaad ng panahon ng paggamot o nauugnay na pruwebang dokumento sa paaralan.

- **Pagpapalit ng Klase** : Isang aksyong naglilipat sa biktimang mag-aaral sa ibang klase sa loob ng paaralan sa pamamagitan ng pagsasalamin ng opinyon ng biktimang mag-aaral at kanyang tagapag-alaga
- **Iba pang mga Aksyong Kinakailangan para sa Proteksyon ng Biktimang Mag-aaral** : Isang aksyong humihiling ng pakikipagtulungan at suporta sa mga suriang medikal, mga organisasyong naghahandog ng tulong legal, at mga organisasyong may kinalaman sa karahasan sa paaralan na isinasaalang-alang ang uri ng karahasan sa paaralan at edad ng biktimang mag-aaral

**[Paunawa] Karagdagang suporta para sa proteksyon ng mga biktimang mag-aaral**

- **(Pagkilala ng Pagdalo)** Kung kinikilala ng puno ng paaralan ang pangangailangan, ang pagliban sa paaralan ng isang biktimang mag-aaral na nangangailangan ng proteksyon ay maituturing na pagdalo kung kinakailangan ang pagliban sa pagsasakatuparan ng mga aksyong pananggalang sa mag-aaral. Sa kasong ito, kinakailangan ang mga walang-kiling na datos, tulad ng sertipikong medikal o tala ng isang manggagamot.
- **(Pagbabawal ng Kasahulan)** Sinisigurong hindi malalagay sa kasahulan ang biktimang mag-aaral kaugnay ng pagtatasa ng kanyang akademikong pagganap, atbp. bilang resulta ng aksyong pananggalang. Dagdag pa rito, kung lumiban ang biktimang mag-aaral sa paaralan at hindi nakakuha ng pagsusulit, isasagawa ang mga kinakailangang aksyon upang mapigilan ang anumang kasahulan sa mag-aaral ayon sa mga tuntunin sa pamamahala ng tala ng paaralan.
- **(Paghahandog ng Impormasyon)** Kapag napagpasyahan na ang mga aksyong pananggalang para sa biktimang mag-aaral, maaaring gabayan ang mag-aaral kaugnay ng impormasyon sa ibaba mula sa paaralan:
  - Impormasyon sa mga organisasyong tumutulong sa mga biktimang mag-aaral ng karahasan sa paaralan
  - Impormasyon sa mga programang tumutulong sa mga biktimang mag-aaral ng karahasan sa paaralan
  - Impormasyon sa mga organisasyong naghahandog ng mga serbisyong pagkakasundo at pamamagitan sa alitang may kinalaman sa karahasan sa paaralan

## Mga Aksyong Isinasagawa sa mga Sumalakay na Mag-aaral

Para sa proteksyon ng biktimang mag-aaral at patnubay at edukasyon ng sumalakay na mag-aaral, pinagpapasyahan ng nagliliming komite ang isa o higit pang mga aksyong nasa ibaba:

- **Nasusulat na Paghingi ng Tawad sa Biktimang Mag-aaral** : Isang aksyong nagsasaayos na humingi ng tawad ang sumalakay na mag-aaral sa biktimang mag-aaral nang pasulat para sa akto ng karahasang ginawa
- **Pagbabawal ng Pisikal na Pakikipag-ugnayan, Pagbabanta at Pagganti sa Biktimang Mag-aaral o Mag-aaral na Nagsumbong ng Karahasan sa Paaralan** : Isang aksyong pumipigil sa pisikal na pakikipag-ugnayan ng sumalakay na mag-aaral sa biktimang mag-aaral o sa mag-aaral na nagsumbong ng karahasan sa paaralan, at samakatuwid anumang karagdagang karahasan o pagganti
- **Boluntaryong Gawain sa Paaralan** : Isang aksyong nagbibigay ng pagkakataon sa sumalakay na mag-aaral na magnilay-nilay at magsisi sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga boluntaryong gawain sa loob ng paaralan
- **Serbisyong Komunidad** : Isang aksyong naghahandog sa sumalakay na mag-aaral ng pagkakataong makaramdam ng diwa ng responsibilidad bilang miyembro ng lipunan at magnilay-nilay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga gawaing serbisyong komunidad sa isang pampublikong organisasyon o alinmang nauugnay na mga organisasyon sa labas ng paaralan
- **Natatanging Edukasyon o Pangkaisipang Terapewtika ng mga Dalubhasa sa Loob at Labas ng Paaralan** : Isang aksyong nagsasaayos na kumpletuhin ng sumalakay na mag-aaral ang natatanging pagsasanay at/o tumanggap ng pangkaisipang terapewtika sa isang institusyong itinalaga ng tagapangasiwa ng bawat Tanggapan ng Edukasyon sa loob ng panahong dinetermina ng nagliliming komite
- **Pagsuspinde** : Isang aksyong nagbabawal sa sumalakay na mag-aaral na dumalo sa paaralan upang pansamantalang protektahan ang biktimang mag-aaral sa pamamagitan ng paghihiwalay sa biktima mula sa sumalakay na mag-aaral at pagbibigay sa sumalakay na mag-aaral ng pagkakataong magnilay-nilay at magsisi

  ※ Ang panahon ng pagsuspinde sa sumalakay na mag-aaral ay hindi isasama sa bilang ng pagdalo sa paaralan, bagkus ay ipoproseso bilang panahon ng hindi pinahintulutang pagliban.
- **Pagpapalit ng Klase** : Isang aksyong naglilipat sa sumalakay na mag-aaral sa ibang klase sa loob ng paaralan upang ihiwalay ang sumalakay na mag-aaral mula sa biktimang mag-aaral
- **Paglipat sa Ibang Paaralan** : Isang aksyong naglilipat sa sumalakay na mag-aaral sa ibang paaralan upang ihiwalay ang sumalakay na mag-aaral mula sa biktimang mag-aaral at pigilan ang mga karagdagang akto ng karahasan ng sumalakay na mag-aaral laban sa biktimang mag-aaral
- **Pagpapatalsik sa Paaralan** : Isang aksyong isinasagawa upang protektahan ang biktimang mag-aaral at kapag itinuturing na hindi magagabayan o matuturuan ang sumalakay na mag-aaral (hindi tumutukoy sa isang sumalakay na mag-aaral na nakatala sa isang sistemang sapilitang edukasyon)

  ※ Kung tinatanggihan o iniiwasan ng sumalakay na mag-aaral ang aksyon, maaaring hilingin ng nagliliming komite sa puno ng nauugnay na Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon na magsagawa ng ibang aksyon.

**[Paunawa] Natatanging edukasyon para sa sumalakay na mag-aaral at kanyang tagapag-alaga**

- Ang natatanging edukasyon para sa sumalakay na mag-aaral ay nahahati sa “natatanging edukasyon bilang aksyong isinagawa laban sa sumalakay na mag-aaral” at “karagdagang natatanging edukasyon” kung saan dapat kumpletuhin ng sumalakay na mag-aaral, na “nagsulat na ng paghingi ng tawad sa biktimang mag-aaral” at “natanggal na sa paaralan,” ang natatanging pagsasanay o tumanggap ng pangkaisipang terapewtika sa isang institusyong itinalaga ng tagapangasiwa ng bawat Tanggapan ng Edukasyon.
- Dapat ding kumpletuhin ng tagapag-alaga ng sumalakay na mag-aaral ang natatanging pagsasanay at maaaring mamultahan ng halagang hindi lalampas sa KRW 3 milyon kung bigong magawa ito.

## 6 Muling Pagtatatag ng Ugnayan at Pamamagitan sa Alitan

- **(Muling Pagtatatag ng Ugnayan)** Nag-oorganisa ang katugong paaralan ng isang programang muling nagtatatag ng ugnayan sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga nauna nang isa-sa-isang panayam sa biktima at mga sumalakay na mag-aaral nang sa gayo'y makabalik ang mga mag-aaral sa kanilang normal na buhay o muli nilang maitatag ang kanilang ugnayan sa pamamagitan ng pag-unawa at komunikasyon.
  - Dapat ipatupad ang programang muling nagtatatag ng ugnayan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang nang may katig sa opinyon ng biktimang mag-aaral imbes na puwersahin ang pagdalo ng mag-aaral.
  - Maaari lamang ipatupad ang programang muling nagtatatag ng ugnayan nang may pahintulot mula sa biktima at mga sumalakay na mag-aaral at maaaring tapusin kapag nagpahayag ang isa sa mga mag-aaral ng intensyong huminto sa paglahok sa programa.

- **(Pamamagitan sa Alitan)** Pamamagitanan ng nagliliming komite ang isang alitan sa pagitan ng biktima at mga sumalakay na mag-aaral o kanilang mga tagapag-alaga na nagmumula sa pagkakaroon ng mga pinsala kaugnay ng karahasan sa paaralan.
  - **(Hiling na Pamamagitan sa Alitan)** Maaaring humiling ang isang taong sangkot sa alitan (biktima o sumalakay) ng pamamagitan sa alitan sa mga kaso sa ibaba sa pamamagitan ng pagsagot sa "Papel para sa Pag-aaplay sa Pamamagitan sa Alitan" at pagsusumite sa nagliliming komite:
    - ✓ Humihiling ang biktimang mag-aaral ng perang kabayaran, tulad ng bayad sa gastusing medikal para sa pinsalang pisikal o pangkaisipan
    - ✓ Humihiling ang sumalakay na mag-aaral ng pagkakasundo sa pamamagitan ng perang kabayaran, tulad ng bayad sa gastusing medikal para sa pinsalang pisikal o pangkaisipan.

    ※ Kapag nagkaroon ng kahilingang pamamagitan sa alitan, sisimulan ng nagliliming komite ang proseso ng pamamagitan sa loob ng limang araw. Ang panahon ng pamamagitan sa alitan ay mas maikli ng isang buwan.
  - **(Pagtanggi/Pagsuspinde ng Pamamagitan sa Alitan)** Sa alinmang mga kaso sa ibaba, maaaring tanggihan o isuspinde ang isang pamamagitan sa alitan.
    - ✓ Ayaw ituloy ng alinman sa mga partido ang pamamagitan sa alitan
    - ✓ Inireklamo o kinasuhan ng biktimang mag-aaral ang sumalakay na mag-aaral ng karahasan sa paaralan
    - ✓ Malinaw na huwad ang nilalaman ng papel para sa pag-aaplay sa pamamagitan sa alitan o kulang sa makatuwirang dahilan.
  - **(Pagkumpleto ng Pamamagitan sa Alitan)** Kapag nakumpleto na ang pamamagitan sa alitan, maghahanda ang nagliliming komite ng isang kasunduan kung saan nakasaad ang mga detalye ng alitan at resulta ng pamamagitan at ipapadala iyon sa mga partidong sangkot. Ang pagkumpleto ng pamamagitan sa alitan ay hindi nangangahulugang hindi idaraos ang pulong ng nagliliming komite o walang isasagawang mga aksyon laban sa sumalakay na mag-aaral. Gayunpaman, maaaring isaalang-alang ito kapag napagpasyahan ang mga aksyon para sa sumalakay na mag-aaral.

## [Dahong Dagdag 1] Sumbong ng Karahasan sa Paaralan at mga Kaakibat na Organisasyon

### Sentro ng Pangkabataang Pagpapayo

Ang Sentro ng Pangkabataang Pagpapayo ay tumatanggap ng mga sumbong ng karahasan sa paaralan at nag-aalok ng serbisyong pagpapayo para sa kabataang nakararanas ng krisis.

1388  www.cyber1388.kr

### Pundasyong Punong Bughaw

Naghahandog ang Pundasyong Punong Bughaw ng serbisyong pagpapayo online at sa telepono para sa karahasan sa paaralan at nagbibigay ng patnubay sa mga biktimang mag-aaral at kanilang mga pamilya. Nag-aalok ang Grupong Suportang SOS para sa Karahasan sa Paaralan ng serbisyong pagkakasundo at pag-aayos ng alitan, pati na rin mga serbisyong konsultasyon at mga payo.

1588-9128  www.btf.or.kr

### Korporasyong Tulong Legal ng Korea

Nag-aalok ang Korporasyong Tulong Legal ng Korea ng mga serbisyong legal kabilang ang pagpapayong legal pati na rin tulong legal at mga serbisyong kriminal na pagtatanggol ng mga abogado at mga opisyal ng pampublikong hukuman.

132  www.klac.or.kr

### Proyektong Wee

Nag-aalok ang mga Paaralan at mga Tanggapan ng Edukasyon ng mga serbisyong pagpapayo para sa mga mag-aaral.

※ Klaseng Wee (paaralan) – Sentrong Wee (Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon) – Paaralang Wee (Panlalawigan/Panlungsod na Tanggapan ng Edukasyon)

www.wee.go.kr

### Dorandoran

Nag-aalok ang Dorandoran ng nilalamang pang-edukasyon para sa pagpigil at pagtugon sa karahasan sa paaralan.

www.dorandoran.go.kr

### Edunet T-Clear

Nag-aalok ang Edunet T-Clear ng mga gamit sa pagtuturo at pag-aaral na may kinalaman sa karahasan sa paaralan pati na rin mga gamit pang-edukasyon sa pagpigil sa karahasan sa cyberspace at etika sa impormasyon.

www.edunet.net

### Tagapagtanggol ng Kaligtasan sa Cyberspace ng Pambansang Ahensiya ng Pulisya ng Korea

Tagapagtanggol ng Kaligtasan sa Cyberspace

Tumatanggap ang Tagapagtanggol ng Kaligtasan sa Cyberspace ng mga sumbong ng mga krimen sa cyberspace at nag-aalok ng mga serbisyong pagpapayo.

www.police.go.kr/www/security/cyber.jsp

### Pangarap na KALIGTASAN (Sentro para sa mga Nawawalang Tao ng Pambansang Ahensiya ng Pulisya)

Tumatanggap ang Pangarap na Kaligtasan ng mga sumbong ng karahasan sa paaralan at karahasan sa cyberspace at nag-aalok ng mga serbisyong pagpapayo.

www.safe182.go.kr

### Sentro ng Pagpigil ng Pagkagumon sa Internet

Nag-aalok ang Sentro ng Pagpigil ng Pagkagumon sa Internet ng mga serbisyong pagpapayo (sa pamamagitan ng paskilan at/o messengers) kaugnay ng pagkagumon sa Internet.

www.iapc.or.kr

# [Dahong Dagdag 2] Mga Organisasyon upang Suportahan ang mga Biktima ng Karahasan sa Paaralan

(batay sa Disyembre 2019)

| Rehiyon | Blg | Organisasyon | Kinaroroonan | Telepono | Uri | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | Pagpapayo | Pansamantalang Kanlungan | | Ospital |
| | | | | | | Pangkagipitan | Panunuluyan | |
| Pambansa (1) | 1 | **Sentro ng Paghilom ng Haemalgum** | 77, Daegeum-ro, Yuseong-gu, Daejeon, Korea | +82-70-7119-4119 | O | - | O | - |
| Seoul (3) | 2 | **Sentrong Wee ng Seoul** | 48, Songwol-gil, Jongno-gu, Seoul, Korea | +82-2-3999-505 | O | O | - | - |
| | 3 | **Sentrong Wee ng Seoul Maeumirang** | #106, Seoul Seongdong District Office of Education, 280, Gosanja-ro, Seongdong-gu, Seoul, Korea | +82-2-2297-7887 | O | O | - | - |
| | 4 | **Sentrong Wee ng Seoul Balgeumirang** | 97, Nambusunhwan-ro 172-gil, Gwanak-gu, Seoul, Korea | +82-2-853-2460 | O | O | - | - |
| Busan (1) | 5 | **Sentro ng Pagbangon mula sa Sagupaan (Pangkagipitan)** | #125, 1-dong, 291, Hasinjungang-ro, Saha-gu, Busan, Korea | +82-51-203-8116 | O | - | - | - |
| Daegu (1) | 6 | **Sentrong Wee ng Daedong** | 1F, Daedong Hospital Annex Building, 177-2, Hwarang-ro, Dong-gu, Daegu, Korea | +82-53-746-7386 | O | - | - | O |
| Incheon (1) | 7 | **Sentrong Wee ng Incheon (Sentrong Pygmalion ng Pag-ibig at Pag-asa)** | 2F, 73, Munhwa-ro 169beongil, Namdong-gu, Incheon, Korea | +82-32-550-1703 | O | - | - | - |
| Gwangju (4) | 8 | **Sentro ng Pangkabataang Kagalingan at Pagpapayo ng Gwangju** | 5F, 173, Sangmujayu-ro, Seo-gu, Gwangju, Korea | +82-62-226-8181 | O | - | - | - |
| | 9 | **Sentro ng Konsultasyong Pangkaisipan ng Maeumieum** | 5F, 888, Hoejae-ro, Seo-gu, Gwangju, Korea | +82-62-654-3030 | O | - | - | - |
| | 10 | **Sentro ng Paglaki at Kaisipan ng Inuri** | 4F, Sangji Bldg., 510, Seoljuk-ro, Buk-gu, Gwangju, Korea | +82-62-574-6850 | O | - | - | - |
| | 11 | **Sentro ng Pagpapayo para sa mga Mag-aaral ng Pamantasan ng Honam** | 20, Honamdae-gil, Gwangsan-gu, Gwangju, Korea | +82-62-940-5630 | O | - | - | - |
| Daejeon (2) | 12 | **Sentro ng Pangkabataang Pagpapayo at Kagalingan ng Daejeon** | 6F, Daejeon YWCA Center, Daejeoncheondong-ro, Dong-gu, Daejeon, Korea | +82-42-257-2000 | O | - | - | - |
| | 13 | **Sentrong ng Pagpapayo sa Karahasang Sekswal at Pantahanan ng Daejeon YMCA** | 128, Daeheung-ro, Jung-gu, Daejeon, Korea | +82-42-254-3038 | O | - | - | - |
| Ulsan (1) | 14 | **Sentrong Wee ng Paghilom ng Tanggapan ng Edukasyon ng Punong-lungsod ng Ulsan** | 2F, 103, Eonyang-ro, Eonyang-eup, Ulju-gun, Ulsan, Korea | +82-52-255-8190 | O | O | - | - |
| Sejong (1) | 15 | **Sentro ng Sejong Aram (Sentrong Wee ng Sejong)** | 2F, Jongchon Welfare Center, 116, Doum 1-ro, Sejong-si, Korea | +82-44-715-7979 | O | - | - | - |
| Gyeonggi-do (10) | 16 | **Sentro ng Pambatang Pagpapayo ng Punong Pangarap** | 14, Angok-ro 194beongil, Bucheon-si, Gyeonggi-do, Korea | +82-32-347-7205 | O | - | - | - |
| | 17 | **Sentro ng Pangkabataang Edukasyon at Kagalingan ng Nurim** | #315, Jayu Center Bldg., 358, Hwarang-ro, Gojan-dong, Danwon-gu, Ansan-si Gyeonggi-do, Korea | +82-31-402-4145 | O | - | - | - |
| | 18 | **Sentro ng Pagpapayo at Kagalingan ng Raphael** | 81-10, Eunjeon-ro, Jeongok-eup, Yeoncheon-gun, Gyeonggi-do, Korea | +82-31-832-6401 | O | - | - | - |
| | 19 | **Sentro ng Pangkaisipang Pagpapayo ng Maeumshimteo** | 91, Seohui-ro, Icheon-si, Gyeonggi-do, Korea | +82-31-635-1279 | O | - | - | - |
| | 20 | **Sentro ng Pangkaisipang Pagsasaliksik ng Jieum** | 3F, 6-1, Damunjungang 1-gil, Yongmun-myeon, Yangpyeong-gun, Gyeonggi-do, Korea | +82-31-775-5507 | O | - | - | - |
| | 21 | **Sentro ng Kalusugang Pangkaisipan at Kagalingan ng mga Bata at Kabataan ng Suwon** | 1F, Dongmal-ro 47beon-gil, Paldal-gu, Suwon-si, Gyeonggi-do, Korea | +82-31-242-5737 | O | - | - | - |
| | 22 | **Sentro ng Pangkabataang Pagsasanay ng Todang** | 25, Jungang-ro 633beon-gil, Deogyang-gu, Goyang-si, Gyeonggi-do, Korea | +82-31-970-0031 | O | - | - | - |
| | 23 | **Sentro ng Suporta sa Kaunlaran ng Hanwool** | 4F, 544, Gyeongchunbuk-ro, Toegyewon-eup, Namyangju-si, Gyeonggi-do, Korea | +82-31-572-6377 | O | - | - | - |
| | 24 | **Samahan ng Edukasyon ng Korea** | 2F, 58, Seungdu-gil, Gongdo-eup, Anseong-si, Gyeonggi-do, Korea | +82-31-656-1885 | O | - | - | - |
| | 25 | **Sentro ng Suportang Pang-edukasyon at Kultural ng Hanul** | #304 & 305, Cheongseo-ro, Paju-si, Gyeonggi-do, Korea | +82-31-946-9069 | O | - | - | - |
| Gangwon-do (4) | 26 | **Sentrong Edukasyon ng Saimdang (Sentro para sa Paghilom ng mga Biktima ng Karahasan sa Paaralan)** | 284-24, Yeonju-ro, Jumunjin-eup, Gangneung-si, Gangwon-do, Korea | +82-33-640-6530 | O | O | - | - |
| | 27 | **Sentro ng Edukasyon ng mga Mag-aaral ng Gangwon** | 1394, Chunghyo-ro, Nam-myeon, Chuncheon-si, Gangwon-do, Korea | +82-33-269-6622 | O | O | - | - |
| | 28 | **Pampamilyang Sentrong Wee ng Chuncheon** | 24, Mancheon-ro 143beon-gil, Dong-myeon, Chuncheon-si, Gangwon-do, Korea | +82-33-262-1607 | O | O | - | - |
| | 29 | **Pampamilyang Sentrong Wee ng Wonju** | 344, Yongsugol-gil, Panbu-myeon, Wonju-si, Gangwon-do, Korea | +82-33-761-0700 | O | O | - | - |
| Chungcheongbuk-do (1) | 30 | **Organisasyon para sa Tulong sa Biktima ng Korea Sangay ng KOVA Chungcheongbuk-do** | #302, 4, Hyanggun-ro 53beon-gil, Cheongwon-gu, Cheongju-si, Chungcheongbuk-do | +82-43-224-9517 | O | - | - | - |

| Rehiyon | Blg | Organisasyon | Kinaroroonan | Telepono | Uri | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | Pagpapayo | Pansamantalang Kanlungan | | Ospital |
| | | | | | | Pangkagipitan | Panunuluyan | |
| Chungcheongnam-do (1) | 31 | **Sentrong Kkumgrin** | #403, Central Village, 37-8, Cheongsu 7-ro, Cheongdang-dong, Dongnam-gu, Cheonan-si, Chungcheongnam-do, Korea | +82-70-4917-7581~5 | O | O | - | - |
| Jeollabuk-do (1) | 32 | **Sentro ng Paghilom ng Isipan (Sentro ng Pangkabataang Pagpapayo at Kagalingan ng Jeonbuk)** | 346, Paldal-ro, Deokjin-gu, Jeonju-si, Jeollabuk-do, Korea | +82-63-271-0117 | O | - | - | - |
| Jeollanam-do (3) | 33 | **Sentro ng Espasyong Pangkabataan ng Goheung** | 200, Deokheungyangjjok-gil, Dongil-myeon, Goheung-gun, Jeollanam-do, Korea | +82-61-830-1515 | O | - | - | - |
| | 34 | **Pambansang Ospital ng Naju** | 1328-31, Senam-ro, Sanpo-myeon, Naju-si, Jeollanam-do, Korea | +82-61-330-4114 | - | - | - | O |
| | 35 | **Sentrong Medikal ng Suncheon** | 2, Seomunseongteo-gil, Suncheon-si, Jeollanam-do, Korea | +82-61-759-9597 | - | - | - | O |
| Gyeongsangbuk-do (3) | 36 | **Sentrong Pangkabataan ng Gyeongsangbuk-do (Sentro ng Suporta para sa mga Biktima ng Karahasan sa Paaralan)** | 20, Chukjejang-gil, Andong-si, Gyeongsangbuk-do, Korea | +82-54-850-1075 | O | - | - | - |
| | 37 | **Sentrong Wee ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon ng Yeongju** | 165, Gaheung-ro, Yeongju-si, Gyeongsangbuk-do, Korea | +82-54-630-4216 | O | - | - | - |
| | 38 | **Sentrong Wee ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon ng Chilgok** | 33, Jungang-ro 10-gil, Waegwan-eup, Chilgok-gun, Gyeongsangbuk-do, Korea | +82-54-979-2129 | O | - | - | - |
| Gyeongsangnam-do (7) | 39 | **(Changwon) Sentrong Aijoa ng Pag-asa at Pangarap = Sentrong Wee ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon ng Changwon** | 3, Jungang-daero 228beon-gil, Uichang-gu, Changwon-si, Gyeongsangnam-do, Korea | +82-55-210-0461 | O | - | - | O |
| | 40 | **(Jinju) Sentrong Aijoa ng Pag-asa at Pangarap = Sentrong Wee ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon ng Jinju** | 4F, Jinju District Office of Education, 8, Bibong-ro 23beon-gil, Jinju-si, Gyeongsangnam-do, Korea | +82-55-740-2091 | O | - | - | O |
| | 41 | **(Gimhae) Sentrong Aijoa ng Pag-asa at Pangarap = Sentrong Wee ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon ng Gimhae** | 4F, West Wing, 7, Saman-ro 24beon-gil, Gimhae-si, Gyeongsangnam-do, Korea | +82-70-8767-7576 | O | - | - | O |
| | 42 | **(Sacheon) Sentrong Aijoa ng Pag-asa at Pangarap = Sentrong Wee ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon ng Sacheon** | 85, Simsa-ro, Sacheon-si, Gyeongsangnam-do, Korea | +82-55-830-1544 | O | - | - | O |
| | 43 | **(Tongyeong) Sentrong Aijoa ng Pag-asa at Pangarap = Sentrong Wee ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon ng Tongyeong** | Tongyeong District Office of Education, 25-32, Jungnim 2-ro, Gwangdo-myeon, Tongyeong-si, Gyeongsangnam-do, Korea | +82-55-650-8025 | O | - | - | O |
| | 44 | **(Yangsan) Sentrong Aijoa ng Pag-asa at Pangarap = Sentrong Wee ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon ng Yangsan** | 2F, Yangsan District Office of Education, 53, Cheongnyong-ro, Mulgeum-eup, Yangsan-si, Gyeongsangnam-do, Korea | +82-55-379-3263 | O | - | - | O |
| | 45 | **(Milyang) Sentrong Aijoa ng Pag-asa at Pangarap = Sentrong Wee ng Pandistritong Tanggapan ng Edukasyon ng Milyang** | 1F, Gifted Education Center, 1524, Miryang-daero, Sangnam-myeon, Miryang-si, Gyeongsangnam-do, Korea | +82-55-350-1490 | O | - | - | O |
| Jeju-do (4) | 46 | **Sentro ng Pangkabataang Pagpapayo at Kagalingan ng Jeju** | 3F, Danil Bldg., 395, Nohyeong-ro, Jeju-si, Jeju-do, Korea | +82-64-725-7999 | O | - | - | - |
| | 47 | **Sentro ng Pagpapayo ng Jeju Haengbokdeurim** | 3F, Jeongdo Bldg., 5, Sammu-ro 1-gil, Jeju-si, Jeju-do, Korea | +82-64-752-5354 | O | - | - | - |
| | 48 | **Sentro ng Pangkabataang Pagpapayo at Suporta ng Daum** | 32, Seomun-ro, Seogwipo-si, Jeju-do, Korea | +82-64-762-1318 | O | - | - | - |
| | 49 | **Inmunsupida** | 2F, 49, Gunam-ro, Jeju-si, Jeju-do, Korea | - | O | - | - | - |